# Pagaayuno Yugto 6. Ang Tunay na pagaayuno

"1 At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring si Dario, na ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias nang ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan, sa makatuwid baga'y sa Chislev. 2 Sinugo nga ng mga taga Beth-el si Sareser at si Regem-melech, at ang kanilang mga lalake, upang hilingin ang lingap ng Panginoon, 3 At upang magsalita sa mga saserdote ng bahay ng Panginoon ng mga hukbo, at sa mga propeta, na sabihin, Iiyak baga ako sa ikalimang buwan, na ako'y hihiwalay, gaya ng aking ginawa nitong maraming taon? 4 Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon ng mga hukbo sa akin, na nagsasabi, 5 Salitain mo sa lahat ng tao ng lupain at sa mga saserdote, na iyong sabihin, Nang kayo'y magayuno, at tumangis ng ikalima at ikapitong buwan, nito ngang pitong pung taon, kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin? 6 At pagka kayo'y nagsisikain, at pagka kayo'y nagsisiinom, di baga kayo'y nagsisikain sa ganang inyong sarili at nagsisiinom, sa ganang inyong sarili? 7 Di baga ninyo dapat dinggin ang mga salita na isinigaw ng Panginoon sa pamamagitan ng mga unang propeta, nang ang Jerusalem ay tinatahanan at nasa kaginhawahan, at ang mga bayan niyaon na nangasa palibot niya, at ang Timugan, at ang mababang lupain ay tinatahanan?8 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias na nagsasabi, 9 Ganito ang sinalita ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid, 10 At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid. 11 Nguni't kanilang tinanggihang dinggin, at kanilang iniurong ang balikat, at nagtakip ng pakinig, upang huwag nilang marinig. 12 Oo, kanilang ginawa na parang batong diamante ang kanilang puso upang huwag magsidinig ng kautusan, at ng mga salita na ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, ng mga unang propeta: kaya't dumating ang malaking poot na mula sa Panginoon ng mga hukbo. 13 At nangyari, na kung paanong siya'y sumigaw, at hindi nila dininig, ay gayon sila sisigaw, at hindi ko didinggin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo; 14 Kundi aking pangangalatin sila sa pamamagitan ng ipoipo sa gitna ng lahat na bansa na hindi nila nakilala. Ganito nasira ang lupain pagkatapos nila, na anopa't walang tao na nagdadaan o nagbabalik: sapagka't kanilang inihandusay na sira ang kaayaayang lupain."(Zecharias 7:1-14)

Hindi ito ritwal na pagaayuno na kikilos ang Diyos ngunit ang totoong pagaayuno na magpapakilos sa Diyos sa ating kalagitnaan. Kapag ang pagaayuno ay bunga ng pagsisisi at pagtalikod sa mga kasalanan na sinamahan ng mga kilos at mga gawa sa gayon yaon ang hinihintay ng Diyos na makita sa buhay ng Kanyang bayan.

Ang bayan ng Diyos nang sila'y nagkasala laban sa Panginoon sa pagsamba sa mga diosdiosan at pinararangalan ang makamundong mga bagay kaysa sa Panginoon, Sa huli ipinidala Niya sila sa hari ng Babilonia ng Kanyang hukbo na sumira sa bayan ng Jerusalem at sa templo ng Diyos at kinuha silang bihag sa Babilonia. Ang mga tao sa pagtugon doon sila'y nagkaroon ng pagaayuno at pagtangis noong ikalimang buwan sa nangyari sa kanila, at para sa kung anong nangyari sa Dambana ng Diyos na sinunog ng mga Babilonia noong ikapitong araw ng ikalimang buwan, gaya ng ating mababasa rito: "8 Nang ikalimang buwan nga, nang ikapitong araw ng buwan, na siyang ikalabing siyam na taon ng haring Nabucodonosor, na hari sa Babilonia, ay naparoon sa Jerusalem si Nabuzaradan na punong kawal ng bantay, na lingkod ng hari sa Babilonia. 9 At kaniyang sinunog ang bahay ng Panginoon, at ang bahay ng hari; at ang lahat na bahay sa Jerusalem, sa makatuwid baga'y bawa't malaking bahay, ay sinunog niya ng apoy."(2 Hari 25:8-9) Ito ay nangyari sa buwan ng Ab, kung saan ngayon sa atin ay Hulyo. Sila'y naglaan ng isang araw ng pagaayuno at kahihiyan, sa pag-alala sa nangyari, sa pitumpong taon kanilang iningatan ang pagaayunong iyon, ngunit ngayon pagkatapos na sila'y nakabalik sa bayan ng Jerusalem at pagkatapos ng Templo ng Diyos ay naitayo sila'y nagtanong kung kinakailangan pa rin nilang panatilihin ang pagaayuno gaya ng ating mababasa rito: "1 At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring si Dario, na ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias nang ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan, sa makatuwid baga'y sa Chislev. 2 Sinugo nga ng mga taga Beth-el si Sareser at si Regem-melech, at ang kanilang mga lalake, upang hilingin ang lingap ng Panginoon, 3 At upang magsalita sa mga saserdote ng bahay ng Panginoon ng mga hukbo, at sa mga propeta, na sabihin, Iiyak baga ako sa ikalimang buwan, na ako'y hihiwalay, gaya ng aking ginawa nitong maraming taon?"(Zecharias 7:1-3)

Ang mga tao'y hindi lamang nagayuno sa ikalimang buwan ngunit ganon din sila'y nagayuno noong ikapitong buwan, kung saan sa atin ngayon ay ang buwan ng Septeyembre, kanilang pinapanatili ang pagaayuno sa pagaalala sa kamatayan ni Gedalia na inilagay ng mga Babilonia na Hari sa Juda, ngunit pinatay ng mga Judio na naghimagsik laban sa Hari ng Babilonia gaya ng ating mababasa rito: "1Nangyari nga, nang ikapitong buwan, na si Ismael na anak ni Nethanias, na anak ni Elisama, na lahing hari, at isa sa mga punong opisyal ng hari, at sangpung lalake na kasama niya, ay nagsiparoon kay Gedalias na anak ni Ahicam sa Mizpa; at doo'y magkasama silang nagsikain ng tinapay sa Mizpa. 2 Nang magkagayo'y tumindig si Ismael na anak ni Nethanias, at ang sangpung lalake na kasama niya, at sinugatan ng tabak, si Gedalias na anak ni Ahicam na anak ni Saphan, at pinatay siya, na ginawang tagapamahala sa lupain ng hari sa Babilonia. 3 Pinatay rin naman ni Ismael ang lahat na Judio na kasama niya, na kasama ni Gedalias, sa Mizpa, at ang mga Caldeo na nangasumpungan doon, sa makatuwid baga'y ang mga lalaking mangdidigma."(Jeremiah 41:1-3) Sa ginawa ng mga Hudyo ng paghihimagsik sa pagpatay kay Gedaliah, ang Babilonia ay dumating at sinira ang lahat ng pader ng bayan ng Jerusalem at kinuha ang natitirang bahagi ng nilalaman ng templo at mga kayamanan. Nang dinisiplina ka ng Diyos dahil sa nagawa mong kasalanan, at naghimagsik ka laban sa Diyos o sa Kanyang pagdisiplina, ang Panginoon ay magpapadala sayo ng maraming pagdisiplina hanggang sa ikaw ay sumuko sa Kanyang kalooban.

Ngayon ang mga Judio ay nakitang itinayong muli ang templo at sila ngayon ay nasa kasiyahan, ang tanong sa kanila ay ang sumusunod: alinman sila'y dapat magpatuloy sa pananangis at pagaayuno sa pananagutang yaon sa ikalima at ikapitong buwan, sapagka't ang mga bagay na yaon ay nangyari sa nakaraan, sa pagbabawal sa kanilang mga sarili mula sa pagkain at paginom, at at hindi pagkuha ng kasiyahan at libangan ng buhay o kanilang ititigil ang pagaayuno at magsasaya sa buhay? Sinagot ng Diyos ang mga tanong na ito gaya ng ating mababasa rito: "4 Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon ng mga hukbo sa akin, na nagsasabi, 5 Salitain mo sa

lahat ng tao ng lupain at sa mga saserdote, na iyong sabihin, Nang kayo'y magayuno, at tumangis ng ikalima at ikapitong buwan, nito ngang pitong pung taon, kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin?"(Zecharias 7:4-5)

Ang sagot ng Diyos sa kanila ay isa ding tanong Tinanong Niya sila: "kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin?" Para sabihin ko sa inyo ang totoo ang pagaayuno na kanilang iniingatan ay hindi ayon sa utos ng Diyos, ngunit ito ay kanilang desisyon at ito ay hindi nakatuon sa Diyos at ito ay hindi para sa Kanyang kaluwalhatian. Sa gayon ito ay wala para sa Diyos alinman sila'y magayuno o hindi.

Ang mga tao ay nakaligtas sa pitumpong pitong tao ng pagpapatapon sa labas ng Lupang Pangako na kanilang hinihingi kung kailangan nilang magayuno sa ika lima at ika pitong buwan gaya na kanilang ginawa noong una. Gaya ng ating naipaliwanag ginagawa nila yaong pagaayuno gaya ng isang ritwal at isang nakagawian na hindi gaya ng itinalaga ng Diyos para sa pagaayuno upang maganap. Ang katulad sa panahong ito natagpuan natin ang nominal na Kristiyano sila'y nagaayuno sa panahon ng may maraming dahilan datapuwa't walang pagsisisi. Sila'y nagaayuno ng apat na pung araw bago ang Pasko ng Pangkabuhay, at pitong araw ng Pasko, atibp. "4 Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon ng mga hukbo sa akin, na nagsasabi, 5 Salitain mo sa lahat ng tao ng lupain at sa mga saserdote, na iyong sabihin, Nang kayo'y magayuno, at tumangis ng ikalima at ikapitong buwan, nito ngang pitong pung taon, kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin?"(Zecharias 7:4-5) Ang sagot ng Panginoon sa mga tao ay kapag ikaw ay nagaayuno hindi mo ginagawa yaon para sa akin, kundi sa ritwal at kasanayan upang linlangin ang iyong sarili na ginagawa mo ang iyong parte. Ang Panginoon ay nagsalita sa kanila sa ganitong paraan sapagkat walang pagsisisi sa kanilang mga buhay at walang nakikitang bunga at mga gawa na kasama ng pagsisisi. Kahit sa ngayon maraming Kristiyanong isinilang muli sila'y nasa pananalangin at pagaayuno ngunit silay nanatili pa rin sa mg pagkakasala, at ang kagaya ng mga diosdiosan at immoralidad at mga kapistahan para sa mga diosdiosan sa kanilang mga buhay at sa buhay ng simbahan.

"6 At pagka kayo'y nagsisikain, at pagka kayo'y nagsisiinom, di baga kayo'y nagsisikain sa ganang inyong sarili at nagsisiinom, sa ganang inyong sarili?"(Zecharias 7:6) Sinabi din ng Panginoon sa kanila kahit na kayo nasa piging ikaw ay naghahanda para sa iyong sarili at hindi para sa akin. Maraming Kristiyanong isinilang muli sila'y pumunta sa maraming aktibidadis at mga pagpupulong upang magsaya sa pagkain at sa mga panlipunang kasiyahan para sa isa't isa, gumagastos sila ng maraming pera at mapagkukunan, at kanilang sasabihin ay tungkol sa kanilang ginagawa ay pagsasama at gawain sa pangalan ng Panginoon ngunit hindi nila ginagawa yaon para sa Diyos kundi para sa kanilang mga sarili at para sa kanilang kasiyahan lamang.

Ngayon ay panahon para sayo upang magising at mapagtanto na tinitimbang ng Diyos ang motibo sa likod ng lahat ng iyong ginagawa. Oras na para sayo upang magising at pakinggan ang katuruan at ang Salita ng Diyos, "7 Di baga ninyo dapat dinggin ang mga salita na isinigaw ng Panginoon sa pamamagitan ng mga unang propeta, nang ang Jerusalem ay tinatahanan at nasa kaginhawahan, at ang mga bayan niyaon na nangasa palibot niya, at ang Timugan, at ang mababang lupain ay tinatahanan?"(Zecharias 7:7) Sila'y walang pagsasa-alang alang para sa Panginoon na kanilang Diyos at sa Kanyang Salita, sapagkat sila'y hindi nakikinig sa pagtuturo at sa mga propeta na ipinadala ng Diyos upang ipahayag ang Kanyang Salita sa kanila. Kaya anuman ang kanilang gawin, sa pagaayuno o paghahanda hindi nila ginagawa ito para sa Diyos kundi para sa kanilang sarili.

Bilang sagot at paglilinaw sa tanong ng mga tao sa Diyos tungkol sa pagaayuno, ang Panginoon muli ay ipinadala ang Kanyang Salita at ipinaliwanag sa kanila kung ano talaga nais Niya sa kanila at sa atin ngayon na gawin kapag tayo'y nagayuno: "8 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias na nagsasabi, 9 Ganito ang sinalita ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid, 10 At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid."(Zechariah 7:8-10)

1.Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan: Magbigay sa lahat ng kanyang karapatan at huwag maglapat ng pagtatangi. Maging pantay sa iyong paghatol. Sundin at ilapat ang Salita ng Diyos sa iyong buhay; pagpalain ang mga gumagawa ng tama at disiplinahin ang mga gumagawa ng masama.

2. Magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid: "12 Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Dios, na mga banal at minamahal, ng isang pusong mahabagin, ng kagandahangloob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod:"(Colosas 3:12) Magpakita ng awa at habag sa mga tap at magkaroong awa sa mga dukha at nangangailangan. Tulungan sila at suportahan sila upang pagpalain ka ng Panginoon at sagutin ang iyong panalangin at ang iyong mga kahilingan sa Kanya.

3.At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man: Ituring ng mabuti ang mga balo, ang walang ama, at ang dayuhan at ang mga dukha. Kahit sila'y mahina at walang kapangyarihan, nais ng Diyos sayo na tulungan sila at nanonood Siya kung ginagawa mong paginhawain sila o hindi. "27 Ang dalisay na relihiyon at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan."(Santiago 1:27) Pagpapalain ka ng Diyos kung sinusunod mo Siya sa bagay na yaon. Huwag magsamantala sa mga kategorya dahil wala silang tinig. Ang Panginoon ay hindi masisiyahan sayo kung iingatan at palayawin ang mga mayaman at ang dukha at aabusuhin mo at pagsamantalahan sila. "1 Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag magtatangi sa mga tao. 2 Sapagka't kung may pumapasok sa inyong sinagoga ang isang tao na may singsing na ginto, at may magandang kasuotan, at may pumapasok namang isang dukha na may damit na hamak; 3 At inyong itangi ang may suot na damit na maganda, at inyong sabihin, Maupo ka rito sa dakong mabuti; at sa dukha ay inyong sabihin, Tumayo ka riyan, o maupo ka sa ibaba ng aking tungtungan; 4 Hindi baga kayo'y nagtatangi sa inyong sarili, at nagiging mga hukom na

may masasamang pagiisip? "(Santiago 2:1-4) Ang Diyos ay hindi sasagutin ang iyong panalangin at pagaayuno kung iyong aapihin ang mga dukha, ang mga balo, ang mga ulila, at mga dayuhan.

4. At sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid: Huwag magplano ng masama o maghangad ng masama na mangyari sa isa't isa. Makikita ng Diyos at mababasa ang iyong kaisipan. Ilagay sa iyong isip na ang iyong saloobin ay binibigkas na Salita sa Diyos. Sa halip nais ng Diyos sayo na pagnilayan ang lahat ng sumusunod na mga paguugaling ito sa iyong buhay patungo sa isa't isa."13Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin: 14 At sa ibabaw ng lahat ng mga bagay na ito ay mangagbihis kayo ng pagibig na siyang tali ng kasakdalan. 15 At maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo, na diya'y tinawag din naman kayo sa isang katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat. 16 Manahanan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Dios. 17 At anomang inyong ginagawa, sa salita, o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Dios sa pamamagitan niya."(Colosas 3:13-17)

Ang sinasabi ng Diyos sa kanila na kung nais nilang makinig ang Diyos sa kanila at isaalang alang ang kanilang pagaayuno gaya ng tunay na pagaayuno sa gayon kailangan nilang isaalang alang ang lahat ng Kanyang Salita sa kanila at baguhin ang kanilang mga paraan. "11 Nguni't kanilang tinanggihang dinggin, at kanilang iniurong ang balikat, at nagtakip ng pakinig, upang huwag nilang marinig. 12 Oo, kanilang ginawa na parang batong diamante ang kanilang puso upang huwag magsidinig ng kautusan, at ng mga salita na ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, ng mga unang propeta: kaya't dumating ang malaking poot na mula sa Panginoon ng mga hukbo."(Zecharias 7:11-12) Ang kagayang Salita ay para sayo ngayon kapag hindi mo pinalambot ang iyong puso at hindi pinakinggan ang Diyos at sumunod sa Kanyang mga tagubilin sa gayon Siya ay magagalit sayo at hindi ka pakikinggan at hindi isasaalang alang ang iyong panalangin at ang iyong pagaayuno.

Kapag hindi ka nakinig sa Salita ng Diyos at handang magbago sa iyong mga paraan ang Panginoon ay patuloy na ipapadala sayo ang Kanyang poot upang para sayo'y magising, upang magpakumbaba, at magsisi at bumalik sa Kanya.

Sa gayon ito ang Kanyang Salita sa kanila
"13 At nangyari, na kung paanong siya'y sumigaw, at hindi nila dininig, ay gayon sila sisigaw, at hindi ko didinggin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo;"(Zecharias 7:13) Kapag ikaw ay tumangging makinig sa Diyos at sumunod sa kanyamg utos at sa Kanyang pagtawag sayo sa gayon ang panahon ay darating na kapag ikaw ay humarap sa mga kaguluhan at mga pagsubok at ikaw ay iiyak sa Diyos ngunit hindi ka Niya pakikinggan sapagkat ginagamit mo lamang ang Diyos ngunit hindi ka natatakot sa Kanya o handang ipamuhay ang iyong buhay para parangalan Siya.

Ipinahayag din ng Panginoon ang sumusunod:
"14 Kundi aking pangangalatin sila sa pamamagitan ng ipoipo sa gitna ng lahat na bansa na hindi nila nakilala. Ganito nasira ang lupain pagkatapos nila, na anopa't walang tao na nagdadaan o nagbabalik: sapagka't kanilang inihandusay na sira ang kaayaayang lupain."(Zecharias 7:14) Kaya kung bakit nakikita mo ang sarili mong nagiisa at walang tumutulong sayo. Kaya kung bakit nakikita mo na ang lahat ng mga pagpapala ng Diyos ay nawawala sayo at ikaw ay nabubuhay sa kapanglawan at kakapusan.

Sa aking mahal at minamahal: Ang iyong pagaayuno ay dapat hindi maging ritwal na bagay. Ito ay tungkol sa pagpapanatili ng iyong sarili ng walang pagkain at inumin para sa isa o dalawang araw, ngunit hindi mo sinusunod at tinatalima ang iba pang utos ng Diyos. Ang diwa ng pagaayuno ay totoong pagsisisi at paglapit sa Diyos at upang paluguran Siya sa paggawa ng mabuti at tama sa paningin Diyos.

Umupo sa Panginoon at hayaan ang Banal na Espiritu upang saliksikin ang iyong puso, isip at saloobin. Tingnang mabuti kung ano ang mga bagay sa iyong buhay na salungat sa Salita ng Diyos na iyong natanggap sa araw na ito. Tumalikod mula sa sariling mong mga paraan, at magsisi sa iyong mga kasalanan at magsimulang mabuhay upang paluguran ang Diyos.

Ipangko ang iyong sarili sa Panginoon at sa Kanyang Salita na iyong natanggap ngayon at simulang sumunod sa Kanya. Mula sa araw na ito tinawag ka ng Diyos upang sumunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga paraan upang ang iyong panalangin at pagaayuno ay maging kalugodlugod sa Panginoon.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon nagpapasalamat ako sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang iyong mga paraan at kung paano mo nais akong mamuhay ng aking buhay para sayo.

Ngayon, talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, at walang katarungan laban sa mahihina at sa mga dukha, ang kawalan ng pagibig at habag, ang masamang kaisipan laban sa isa't isa, ang pagsamba sa diosdiosan, ang kapistahan sa mga diosdiosan at sa lahat ng mga tradisyonal at kulturang makasalanang gawain.

Panginoon inaamin ko at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan, Panginoon linisin mo ako, dalisayin mo ako, pabalikin mo ako sayo, panumbalikin mo ako sayo, dinggin ng aking pagtangis at sagutin ang aking panalangin at gamitin mong muli ako upang paglingkuran ka.

Panginoon ako'y nananalangin para sa aking kapatiran na nagsisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan, Panginoon linisin mo sila, dalisayin mo sila, pabalikin mo sila sayo, pusposin mo sila ng iyong Banal na Espiritu, at panumbalikin mo sila sayo at gamitin mong muli sila upang paglingkuran ka.

Panginoon ako'y nananalangin para sa kanila na bigyan sila ng mabuting kalusugan at palakasin na magpatuloy at maglingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ibigay mo sa kanila ang ang iyong Salita. Panginoon pusposin sila at pangunahan sila ng iyong Banal na Espiritu na magpatuloy at gawin ang iyong gawain. Panginoon protektahan mo sila mula sa masama, ilayo sila sa tukso, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at tuparin ang mga gawain na iniatang mo sa amin upang gawin para sayo. Panginoon sagutin ang aming panalangin at pagaayuno. Panginoon ipagtanggol kami at iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at ipaglaban ang aming pakikibaka. Panginoon pusposin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming mga bahay. Panginoon paging dapatin mo kami makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com